



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 34 NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 26 OKTUBRE 2009, IKA – 9:30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konschal Agustin L. Cusi
Konschal Cesar T. Baticos
Konschal Jocelyn G. Solabo
Konschal Angeles D. Bautista
Konschal Hernan C. Erorita
Konschal Bernabe S. Mortel
Konschal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konschal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento- Pangulo, Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

Hindi Nakadalo:

Konschal Edren Y. Faderon - Paternity Leave
Konschal Napoleon M. Dimapilis

KAPASYAHAN BLG. 059
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA
NI KAGAWAD CARLOS M. GALINDEZ NG BARANGAY
BAGUMBAYAN, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si Kgg. Carlos M. Galindez ay tunay na simbolo ng isang masipag at matapat na lingkod bayan;

SAPAGKAT, sa kanyang paglilingkod bilang kagawad ng barangay pinagsikapan niyang matugunan sa abot ng kanyang kakayahan ang mga tungkulin na sa kanya ay iniatang bilang Kagawad ng Sangguniang Barangay Bagumbayan, Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKAT, sa pagganap sa kanyang tungkulin ipinamalas niya ang dedikasyon at pagpapahalaga sa mga responsibilidad na sa kanya ay itinalaga upang lubos na mapabuti ang kalagayan ng kanyang mga kabarangay at lokal na pamahalaan na kanyang kinabibilangan;

SAPAGKAT, malaking paghanga at paggalang ang kanyang inani mula sa kanyang mga pinagsisibilhan at kasamahan sa Sangguniang Barangay ng Bagumbayan at kapwa lingkod bayan dahil sa kanyang ipinamalas na pagmamahal sa tungkulin at sa bayan;

SAPAGKAT, sa panahong inilagi niya sa daigdig, ipinakita niya ang pagsisikap na maging responsableng ama ng pamilya;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ng Roxas, Silangang Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa mga naulila ni Kgg. Carlos M. Galindez, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan ng bayang ito.


DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na Kgg. Carlos M. Galindez, Kagawad ng Sangguniang Barangay ng Barangay Bagumbayan, Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa kanyang maybuhay, Gng. Maria Lagrimas Galindez at mga anak lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.


PINAGTIBAY : 26 Oktubre 2009

PINATUTUNAYAN KO ang kawastuan ng kapasyahang ito.


TEOFILA F. FAINA

Tumayong Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo